REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-156

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA TANGGAPAN NG PAMBAYANG MANANANGGOL NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT SA FILINVEST ALABANG, INC. NA MAGSAGAWA NG KAAGAD AT KAUKULANG LEGAL NA AKSYON NA MAAARING ISAMPA NA KASONG LIBELO SA SINUMANG MAY KINALAMAN SA NAPALATHALANG ARTIKULO SA PAHAYAGAN NA PINATUTUNAYAN NG KALAKIP NA NEWS CLIPPING AT MINAMARKAHAN BILANG LAKIP "A".

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Rey E. Bulay

*************************************************************

SAPAGKAT, ang napalathalang artikulo (lakip "A") ay nagdulot ng masamang imahen at nalagay sa hindi magandang katayuan ang kagalang-galang na kapulungan (Sangguniang Bayan) ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang pangalan, integridad at kredibilidad ng bawat Kagawad ng Sangguniang Bayan sampu ng kanilang pamilya at kamag-anakan ay sinira sanhi ng walang pakundangang pagparatang na nalathala sa pahayagan;

SAPAGKAT, ang walang basihan na mga paratang at pagsi-siwalat ng walang bahid na katotohanan ay gawain lamang ng mga taong walang wastong kaisipan na hindi isinasang-alang ang puri at dangal ng kanyang kapwa;

SAPAGKAT, dahil sa may iniingatang dangal ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan nararapat lamang ang pagdudulog ng karampatang hakbang upang malinis ang kani-kanilang mga pangalan;

SAPAGKAT, ang mga nagpalathala o ang ugat (source) ng makapanirang balita, ang sumulat (reporter) at ang pahayagan (newspaper/publisher) na may kinalaman dito ay dapat managot sa anumang legal na kaparusahan na maaaring ipataw kapag napatunayan na walang katotohanan ang napalathala sa pahayagan;

SANGGUNIANG BAYAN

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51



NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN, ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na humiling sa Tanggapan ng Pambayang Manananggol na magharap ng kaukulang legal na aksyon laban sa nagpalathala ng mapanirang sulatin.

PINAGTIBAY NG HIGIT NA NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-93rd regular na pulong na ginanap ngayong ika-18 ng Hulyo, 1994.

PINATOTOHANAN :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOSJR
Kinatawan ng Sektor
Tagapangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan